

**Pagsumite ng mga Kontrata para sa layuning pangalagaan ang mga mahahalagang kontrata (Seksyon 10 ng EO 109-A)**

Lahat ng mga Kontratang Gobyerno na nagkakahalaga mula P300 Milyon pataas ay kailangang isumite sa "NEDA Secretariat", sa pamamagitan ng opisina/tanggapan ng Director-General, sa loob ng pitong (7) araw mula sa araw ng pagpapatibay nito, kasama ng mga sumusunod na mga dokumento o impormasyon, para sa layuning pangalagaan ang mga mahahalagang kontrata ng Gobyerno:

- a. Kompletong kopya ng kontrata (may notaryo at pirmado ng pinuno/panguluhan ng naturang ahensiya);
- b. Lupong Kapasiyahang nag-aaprubang sa pagkakaloob ng kontrata (para sa GOCCs)
- c. Mga Katibayan mula sa pinuno/panguluhan ng naturang ahensiya na matamang pag-iingat ang isinagawa sa pagkakaloob ng kontrata, na ito'y alinsunod sa lahat ng umiiral na mga batas, alituntunin at regulasyon, at ang kontrata ay ayon sa halaga at kabuuan na pinagpasiyahan ng "NEDA Board ICC";
- d. Mga aktibidades mula sa pag-anunsiyo hanggang pagkakaloob ng kontrata na nagpapakita ng bilang ng mga araw na itinagal para makumpleto ang nasabing aktibidades;
- e. Kriteria na ginamit sa pagsuri ng "bid";
- f. Talaan ng lahat ng "bid";
- g. Talaan ng mga grado ng bawat "shortlisted consultants" (para sa "consultancy" na kontrata);
- h. Ulat hinggil sa pagsuri ng "bid";
- i. Resolusyon ng "BAC" hinggil sa pagbibigay rekomendasyon sa kontrata; at
- j. Katibayang pondo para sa proyekto o kontrata gaya ng "forward obligational authority".